

Gail Fenumiai
Director

www.elections.Alaska.Gov



Division of
Elections

Juneau, Alaska

STATE OF ALASKA

PRESS RELEASE

Para sa Agarang Pagpapalabas

Sangay ng Halalan ay simulan na ang Implementasyon ng Pinakamataas na Apat na Pangunahing Halalan at Nirangguhang Piniling Pagboboto

Marso 1, 2021 (JUNEAU, AK) – Ang Inisyatibo ng Mas Mabuting Halalan ay mag-eepekto sa Pebrero 28. Ang mga botante ay ihahagis ang kanilang mga boto sa isang bagong walang partidong Pinakamataas na Apat na Pangunahing Halalan sa Agosto 16, 2022, at ang isang Nirangguhan Piniling Pagboboto (RCV) na proseso para sa Nobyembre 8, 2022 na Pangkalahatang Halalan.

Ang mga botante ay may malapit ng simulan na makita ang mga pagbabagong ipapatupad ng Sangay ng Halalan (DOE); magsisimula sa mga binagong porma ng kandidato na sasalamin sa bagong batas. Dagdag pa, ang DOE ay kukupkop ng bago at aamyendahan ang mga regulasyong kinakailangan para sa pagpapatupad ng bagong batas. Ang proseso ng buuhang pagbabago ng kasalukuyang sistema ng halalan ng Alaska papunta sa inapruhan ng botanteng bagong sistema ay malawak at gumagamit ng maraming oras, ngunit ang DOE ay nakatuon sa pagiging malinaw at sa pagpapanatili na ang mga botante ay nasasangkot sa proseso.

Kasama sa ilan sa mga malaking pagbabago na dapat malaman ay ang:

- **Isang balota lamang sa mga pangunahing halalan.** Ang lahat ng mga kandidato ay itatala na hindi isinasaalang-alang ang pagkakasapi sa partido o grupo. Ang pinakamataas na apat na kandidato lamang ang magpapatuloy sa pangkalahatang halalan. Ang pangunahing halalan ay hindi ginagamit ang RCV.
- **Wala nang mga kandidato ng petisyon.** Ang mga kandidato ay hindi na maaaring laktawan ang pangunahing halalan at lumitaw sa Balota ng Pangunahing Halalan. Ang mga kandidato na hindi tumakbo sa Pangunahing Halalan ay maaari pa ring tumakbo bilang isang isinusulat na kandidato sa Pangkalahatang Halalan.
- **Ibang disenyo ng balota/mga instruksyon para sa Pangkalahatang Halalan.** Ang mga botante ay maaaring rangguhan ang mga kandidato at maaaring piliin ang kasing dami o kasing kaunti ng mga nakatalang kandidato (o isinusulat) para rangguhan. Bantayan ang website ng sangay para sa isang prototipo ng balota ng Pangkalahatang Halalan.

- **Ang mga resulta ng unang pag-ikot lamang ang maiulat sa Gabi ng Halalan.** Ito ay pareho sa naunang mga halalan at ito ay magiging mga hindi opisyal na resulta.
- Ang karagdagang tabulasyon ng higit pang mga pag-ikot at **muling pagtabulasyon para sa mga karera kung saan walang kandidato ay nakaabot sa 50% ng mga boto ay gaganapin sa ika-15 na araw matapos ang Araw ng Halalan,** pagkatapos ang lahat ng mga nararapat na balota ay natanggap at nabilang.

“Ang Sangay ng Halalan ay tumatayong handa sa pagpapatupad ng mga hiling ng botante,” **sabi ni Direktor Gail Fenumiai.** “Sa susunod na taon at kalahati, kami ay nakikipag-usap sa mga taga Alaska para ipaliwanag kung paano makakaapekto ang mga pagbabago na ito sa darating na mga halalan at naniniwala ako na ang mga botante ay magiging handa nang mabuti pagdating ng 2022. Ang aking pangkat ay magpapatuloy sa kanilang mabuting trabaho para masiguro ang makinis na paglipat ng ating sistema ng halalan.”

Ang pagtuturo sa mga botante tungkol sa Pinakamataas na Apat na Pangunahing Halalan at RCV ay isang malaking bahagi ng matagumpay na halalan. Ang DOE ay dedikado sa pagsisiguro na ang mga botante ay may tamang panimulang pagkakaunawa kung paano ang parehong bagong mga sistema ay gagana, kasama ang mga pagbabago sa proseso kaugnay ang pagsasalansan ng kandidasiya, pagboboto, mga manggagawa ng halalan, at bagong mga proseso ng tabulasyon.

Ang DOE ay nagpapaunlad ng isang makabuluhang kampanya ng edukasyon/pag-abot batay sa mga pinakamahusay na pagsasanay at komunikasyon sa pamamagitan ng social media, media, websites, mga kasosyo, at mga inilimbag na materyales. Inaasahang magsisimula ito sa Mayo 2021.

Pansamantala, ang DOE ay tinitignan ang Maine na gumamit ng RCV noong 2020 na Pangkalahatang Halalan, para bigyan ang mga botante ng Alaska ng isang maikling tingin kung paano gumagana ang RCV. Ang mga botante ay maaaring tignan ang animadong video ng pagpapaliwanag ng RCV ng Maine sa <https://youtu.be/3Ez3aEUjRQo>. Paalala na ang RCV sa Alaska ay gagamitin sa mas maraming mga karera kaysa sa Maine.

Ang DOE ay nagdagdag ng isang pahina ng RCV FAQ sa website nito, ang www.elections.alaska.gov. Ito ay patuloy na babaguhin kapag mas maraming impormasyon ay natapos na. Dagdag pa, ang mga botante ay maaaring maabot ang DOE tungkol sa mga katanungang kaugnay ang RCV sa pamamagitan ng pagpapadala ng email sa elections@alaska.gov. Ang website ng Sangay, na nasa proseso ng muling pagtatayo at muling pag-iistraktura, ay magsasaklaw ng dagdag impormasyon tungkol sa RCV kasama ang mga: halimbawang balota; mga kagamitang pang edukasyon tulad ng mga video; balita sa implementasyon at mga plano ng gawain.

###

Kontak: Tiffany Montemayor – Tagapangasiwa ng Pampublikong Ugnayan, Sangay ng Halalan: GOV.elec.media@alaska.gov o (907) 465-4611